# Ang Dalawang Anyo ng Subli: Laro at Panata

**MICHAEL M. RAMOS**
*De La Salle Lipa, Batangas, Philippines*
*mykramos1517@gmail.com*

*Date Received: July 26, 2014; Date Published: September 04, 2014*

***Abstract*** *- Ang subli sa anyo ng sayaw ay dapat maintindihan ng bawat Batangueno na ito ay hindi lamang isang ordinaryong sayaw na sumasalamin lamang sa yamang sining ng Batangas, bagkus ito ay isa rin sayaw na ritwal na nagpapakita ng kalaliman ng ispirituwalidad at pananampalataya ng mga Batangueno. Ang pagsunod sa tradisyong kinagisnan ay dapat may malalim at mabuitng pag-uunawa sa kahulugan at halaga nito upang ang katutubong tradisyon o paniniwala ay hindi tuluyang maglayo o dili kaya ay makalimutan ito sa tunay nitong kaanyuan. Kung maiipapakilala lamang ng maayos ang subli sa dalawang nitong anyo bilang laro at panata, mawawala ang mga agam-agam sa tunay na kahulugan at pinagsimulan ng sayaw na subli. ang subli sa anyo ng laro at panata ay hindi magkahiwalay na elemento sa gamit nito para sa mga katutubo. Marahil kung ang takbo ng kasaysayan ang ating pagbabasihan, may mga tanong na maaaring mabuo sa mga nalakap na impormasyon tungkol sa sayaw na subli tulad ng mga sumusunod: Papaano nahati ang subli sa magkaibang pananaw, bilang laro at panata? Ano ang tunay na kahulugan ng salitang subli? Bakit sa kanluraning bayan lamang ng Batangas napreserba ang ganitong tradisyon at paniniwala tungkol sa subli bilang isang ritwal? Ang mga katanungang ito ay nangangailangan ng mahabang panananaliksik upang mahanap ang mga kasagutan. Ganoon pa man, ang dalawang uri ng pagsipat sa paniniwala ng mga Batangueno sa subli, bilang isang laro o panata, ay dapat bigyan pansin upang ang kabuuan ng importansya at kahulugan ng subli ay huwag lubusang maglaho sa tunay nitong kaanyuan bilang isang sayaw ng panata ng mga Batangueno.*

***Keywords:*** *Subli, Manunubli, Ritwal, Panata, Laro*

## I. PROLOGO

Isa sa mga natatanging katangian at nananalaytay sa kultura ng mga Batangueno ay ang pagiging relihiyoso o ang pagkakaraon ng malalim na paniniwala at relasyon sa Diyos. Ang katangiang ito ay mababanaag sa iba't ibang anyo ng "*popular religiosity*" at relihiyosong panata meron ang mga Batangueno tulad ng "pa-poon", kung saan ang imahen ng Birhen Maria, Jesus Nazareno, o Sto. Nino ay inilalagak sa bahay ng pamilya upang magpanovena para sa ninanais na petisyon o pasasalamat sa may Kapal dahil sa biyayag natangap; ang "T*apusan*" o tinatawag din na "*Luglugan*" na ginaganap tuwing katapusan ng buwan ng Mayo kung saan ang mga batang babae ay nag-aalay ng bulaklak at panalangin sa mahal na Birhen Maria sa bawat tuklong ng mga baryo; "*pabasa ng pasyon*" isang dasal-awit na sinasagawa tuwing mahal na araw upang gunitain ang paghihirap, kamatayan, at muling pagkabuhay ni HesuKristo; ang "*salubong at dagit*", ang pagsasadula ng pagtatagpo ng mag-ina, Hesus at Maria, sa muling pagkabuhay na ginaganap sa madaling araw; "*luwa*" ang pagbibigay parangal sa Mahal na Birhen Maria sa pamamagitan ng pagbigkas ng mahabang tula; ang "*prosisyon ng Santo*" na ginaganap naman tuwing kapistahan ng patron ng parokya o dili naman ay tuwing Huwebes Santo kung saan ang mga deboto ay naglalakad habang umuutal ng panalangin; ang "panuluyan" ay ang pagsasadula ng kapanganakan ni Hesus na ginaganap tuwing "Christmas Vigil Mass", at ang "*orasyon*" o "angelus", isang panata na tuwing sasapit ang ala-sais ng gabi ang kampanaryo ng simbahan ay kinakalembang hudyat na ang lahat ay dapat tumanhimik, huminto sa anomang gawain at dasalin ang salutasyong "Aba Ginoong Maria." Ang lahat ng nabanggit na relihiyosong gawain o panata ay isang kinagisnang kulturang ginagawa ng mga Batangueno sa buong lalawigan. Ngunit may natatanging panata na pawang ginagawa lamang sa kanluraning bahagi ng lalawigan ng Batangas, sa mga bayan ng Bauan, Alitagtag, at Agoncillo, na kung tawagin ay "Subli".

### Ang Subli Isang Pamana ng lahi

Ang subli ay tanyag sa pagkakakilanlan bilang isang katutubong sayaw o "folk dance" ng mga



P-ISSN 2362 – 8022 | E-ISSN 2362 – 8030 | www.apjeas.apjmr.com

Batangueno. Tuwing buwan ng Hulyo 23, ipinagdidiriwang ng lungsod ng Batangas ang pagkakatatag nito bilang lungsod, kasabay nito ay ang pagdidiriwang din ng taunang "Sublian Festival" na kinatatampukan ng mga mananayaw ng subli sa iba't ibang bayan ng Batangas at ang patimpalak ng mga mag-aaral sa elementarya ng iba't ibang eskwelahan sa pagsayaw ng subli. Sa nagdaang pagdiriwang noong Hulyo, 2012, ipinahayag ng punong bayan ng lungsod ng Batangas na ang subli ay kikilalanin ng *International cultural committee* bilang "*Tangible culture*." Ito ay isang pagkilala ng buong mundo sa natatanging katutubong kultura na naipreserba ng kasalukuyang panahon. Isa lamang itong patunay na ang subli ng Batangas ay isang matandang kultura na sumasalamin sa bakas ng mayamang tradisyon ng lalawigan. Kaya naman seryoso ang lokal na pamahalaan na ituro sa mga eskwelahan ang sayaw na subli bilang isang sining sa mga estudyante ng elementarya upang sa ganoon mapanatiling buhay ang kulturang ito sa kamalayan ng mga kabataang Batangueno at maging mapagkakakilanlan ng Batangas.

Ang salitang Subli, ayon kay Francisca Reyes Aquino (1939) na unang nagtuon ng pansin sa pag-aaral ng subli, ay nangangahulugang "subsob" at "bali." Ang pinagbasihan ng kahulugan ay hango sa istilo ng pagsasayaw nito. Kalaunan, ang "subsob" at "bali" ay napalitan ng salitang "salisi" na ito naman ay ayon sa pag-aaral na ginawa ni Elena Mirano (1990). Ang pagpapakahulugan ni Mirano sa subli bilang salisi ay nakaayon rin sa kilos at galaw ng pagsasayaw, na sa bawat paggalaw ay may maayos na pagsasalisi o pagpapalit lugar na hindi nagkakabanggaan ang mga mananayaw nito. Sa mahabang panahon, ang kahulugan ng salitang subli ay unti-unting nawawala sa kaisipan ng mga Batagueno na halos hindi na matukoy ang pinag-ugatang salita na kahit sa mga matatanda na nagsusubli ang kahulugan ng salita ay tuluyan ng nilamon sa limot ng panahon. Ganun pa man, ano man ang ibig ipakahulugan ng salitang subli ito ay tiyak na tumutukoy sa uri ng galaw sa pagsasayaw, sayaw na maitutuing na pamana ng lahing katutubong Batangueno hanggang kasalukuyan panahon.

**Ang Subli Bilang Laro at Panata**

Bagamat napanatili ang subli bilang isang matandang kulturang pamana ng lahi, lingid pa din sa kaalaman ng maraming Batangueno na ang subli ay hindi lamang isang pangkaraniwang sayaw ng mga katutubong ninuno, bagkus ito ay may malalim na kahulugan at gamit noong sinaunang panahon. Ngunit, ang subli sa kasalukuyan ay nahahati sa dalawang anyo nito bilang laro at panata. Nangangahulugan lamang na ang magkaibang anyo nito ay tumutukoy din sa magkaibang pagsipat ng pag-unawa sa kahulugan ng subli sa bawat Batangueno.

Sa Talumpok Batangas, napag-alaman ni Mirano (1990) na ang subli ay kilala sa uri nito bilang isang laro. Ang subli bilang laro ay tumutukoy sa tunggalian sa pagitan ng mga kabinataan at kadalagahan ng mga taga barrio sa tuwing sumasapit ang gabi. Ang tunggalian ng dalawang grupo ay nagsisimula sa isang paksa na pagtatagisan ng sagot sa pamamagitan ng mga matatalinghagang palipad-dila na may kasabay na paggalaw ng katawan o pagsasayaw at sumasabay sa pagtugtog ng kumintang sa gitara. Kinalaunan, ang subli ay kinilala din bilang "countship dance" dahil ang mga kalalakihan ay nakakapagpamalas ng kanilang gilas sa pagsayaw at talino sa mga kababaihan upang sila ay maibigan. Sa ganitong paglalarawan ng subli bilang laro, ito ay masasabing kumbinasyon ng sayaw, awit, at balagtasan.

Kung ang subli ng lungsod ng Batangas ay pinagdiriwang sa buwan ng Hulyo ang kabilang anyo naman ng subli bilang panata ay dinaraos tuwing sumasapit ang Mayo 2 sa bayan ng Alitagtag Batangas sa pagdaraos ng kapistahan ng Patron ng bayan, ang Mahal na Poong Santa Krus. Ang Patron ng bayan ng Alitagtag ay isang krus na yari sa kahoy ng anubing, na may nakalagay na araw na may mukha sa gitna, at may alampay na nakasabit. Ang krus na ito ay pinaniniwalaang mapaghimala at naghahatid ng biyaya sa mga namamanata dito. Sa araw ng kapistahan, sa buong bayan ng Alitagtag ay mariringgan ang umaalingawngaw na tunog ng *castanet* at tambol na kung tawaggin ay kalatong, na gawa sa hinungkag na kahoy ng langka na may putong na banat na balat ng bayawak. Kasabay nito ay makikita ang pagsasayaw ng subli sa harap ng kanilang patron. Habang ang subli ay ginaganap, ang mga tao naman na nakapalibot sa Poon ay umuusal ng litanya at rosaryo, upang humihiling ng petisyon ng pasasalamat, biyaya na inaasam, o dili kaya naman ay ang paggaling sa anumang karamdaman. Ang subli sa ganitong paglalarawan ay malayo sa subli ng Talumpok Batangas bilang isang laro, bagkus ito ay isang ritual na sayaw na sinasayaw ng samahan ng mga kababaihan at kalalakihan na kung tawagin ay manunubli.

Ang pagkakaiba ng pagkaaunawa ng subli ng mga taga Talumpok Batangas, na ito ay isang laro, at sa mga bayan ng Alitagtag, Bauan, at Agoncillo, bilang isang ritwal, panalangin at panata, ay malaking usapin kung


P-ISSN 2362 – 8022 | E-ISSN 2362 – 8030 | www.apjeas.apjmr.com

papaano nagkaroon ng magkaibang anyo ang subli. Maliban sa pagkakaiba ng gamit at kahulugan ng subli, mainit ding pinagtatalunan kung saan ang subli ay nagsimula, sa Talumpok Batangas ba o sa bahaging Kanluran ng Batangas? Gayun din, isang palaisipan sa mga Batangueno kung kailan ang subli ay umusbong bilang isang tradisyonal na sayaw, bago dumating ang mga kastila o sa panahon ng mismo ng mga kastila? kung kelan at saan ang subli ay umusbong sa kulturang Batangueno ay mahirap tukuyin ng ganap dahil na din sa iilang dokumentong maaring magamit sa pagsusuri at ang isa pang material na puwedeng pagbasihan ng pag-aaral nito ay ang mga kwentong bayan o alamat na bumabalot sa pagkakakilanlan ng sayaw na subli.

**Ang Subli Mula Sa Kasaysayan Ng Lahi**

Ayon sa nalakap ng imporamasyon ni Thomas Hangroove, ang mga katutubong naninirahan malapit sa Bulkang Taal ay nagtatanin ng mga kahoy ng anubing sa paligid ng bunganga ng bulkan upang ito ay paamuin upang sa ganun ay huwag magalit at mapigilan ang nagbabantang pagsabog nito. Noong 1611, naitala ang pagsabog ng bulkang Taal sa loob ng limang taon, ang mga katutubo ng mga panahong iyon ay nagsasagawa ng ritwal at kasabay nito ay ang pagtatanim ng kahoy ng anubing sa paanan ng bulkan. Kinalaunan, tumigil ang pagsabog ng bulkan at nanumbalik agad ang kasaganahan ng lupa at lawa. Ang kaganapang ito ay naitala sa isang lumang dokumento na nakalap sa lumang simbahan ng Taal na isinulat ng prayleng nakatalaga bilang kura-parokya. Ang kaganapan ay sinasalaysay bilang isang biyaya at himala na dulot ng panalangin ng simbahan kaya ito tumigil sa pagsabog, ngunit para sa mga katutubo ito ay pinaniniwalaang biyaya na dulot ng kahoy na anubing na kanilang inaalay sa diwata ng bulkan.

At Ayon naman sa nahanap ng impormasyon ni Elena R. Mirano mula sa bayan ng Bauan, isang lumang dokumento ang kanyang natagpuam sa Archives na isinulat ni Pedro Amuedo de Castro, na may pamagat na "*Historia de la Provincia de Batangas*" noong 1790. Inilalahad ng luamng dokumento na may dalawangput-limang matatandang katutubo na residente ng Alitagtag ang gumawa ng Krus na yari sa kahoy ng anubing at ito ay itinayo sa lugar ng kung tawagin ay Dingin. Sinasaad ng documento ang layunin ng paggawa at pagtatayo ng krus ng mga matatanda ng Alitagtag at iyon ay upang paalisin ang mga masasamang ispiritu na nanggguguglo at nananakot sa kanilang bayan at pumipigil sa mga tao na makapag-igib ng tubig sa balon na kung tawagin ay Tolo (1595). Nang magagawa ang krus at maitayo ito nagsimulang mawala ang mga ispiritu na nanggugulo sa bayan at ito ay pinaniniwalaan ng mga taga Alitagtag na isang himala na kagagawan ng Krus na anubing.

Ang ganitong paniniwala ng mga katutubo ay mauunawaan natin sa uri ng relihiyon na kanilang pinaniniwalaan. Sinasabi na bago pa man dumating ang mga Kastila at palaganapin ang Kristianismo, mayroon ng sariling sistema ng relihiyon ang mga katutubo na tinatawag na Animismo. Ito ay isang paniniwala na may diyos na lumikha sa mundo at tao na tinatawag nilang "Bathala. Gayun din, nilikha ni Bathala ang mga ispiritong tinatawag na "diwata" na kanyang inatasan upang magsilbing tagapagbantay ng kalikasan at tutulong sa mga tao. Ang katutubong paniniwalang ito ay masasabing may kaugnayan din sa pagsamba sa kalikasan, sapagkat pinaniniwalaa na ang mga "diwata" ay nakatira sa mga puno, bato, hayop at iba pang mga bagay na matatagpuan sa kapaligiran. Kaya may paggalang na ibinibigay ang mga katutubo sa anomang bagay sa kanyang kapaligiran, dahil ang pagbibigay galang sa mga diwata ng kalikasan ay magdudulot ng kaginhawaan sa kanilang buhay tulad ng mgandang ani, magandang panahon o dili naman kaya ay proteksyon sa anumang sakuna at panganib. Bukod sa mga "diwata" ang mga katutubo ay naniniwala din sa mga "anito", ito ay ang paniniwala na ang kanilang mga yumaong ninuno na namuhay ng moral dito sa lupa ay nananatiling gumagabay sa kanila at tumutulong sa panahon ng kanilang pangangailangan. Ang mga diwata at anito ay nagsisilibing din bilang tagapamagitan ng tao sa diyos para sa kanilang mga kahilingan o petisyon. At upang makamit ang mga kahilingan, ang mga katutubo ay nagsasagawa ng pag-aalay sa pamamagitan ng ritwal ng sa ganun ay matuwa mga diwata, anito, o si Bathala ng ang mga kahilingan ay ipagkaloob sa kanila.

Bagamat ang katutubong paniniwala kay Bathala, sa mga anito, diwata at ang uri ng pagsamba sa mga ito ay napalitan ng kristianismong istraktura at pananaw, hindi naglaho nang lubos ang katutubong paniniwalang kinagisnan bagkus ito ay nagkaroon lamang ng bagong kaanyuan at napapanatiling nitong umiiral ang katutubong pananaw. Kaya naman kung pagtututunan ng pag-aaral ang subli, hindi lamang bilang isang sayaw, ito ay kapupulutan ng sagot sa mga katanungan tungkol sa anyo at galaw ng kultura ng mga Batangueno sapagkat maitututring na ang subli bilang bakas ng nagdaang mga panahon na sumasalamin sa uri ng katutubong paniniwala at pamumuhay na umiiral sa mga Batangueno bago pa man dumating ang mga kastila at Kristianismo sa lalawigan ng Batangas.


P-ISSN 2362 – 8022 | E-ISSN 2362 – 8030 | www.apjeas.apjmr.com

**Ang Mga Kuwentong Bayan ng Subli**

Ang isa pang kuwentong bayan ang nagsasaad na ang krus na anubing ay mapaghimalaya, ito ay ang kwento ng isang babae na may asawang lasenggo. Ang kuwento, minsan ng umuwi ang lalaki na lasing na lasing naisipang nitong pagkatuwaan ang kanyang asawang babae na umigib ng tubig sa bukal ng Tolo. Dahil sa hindi makatanggi ang babae sa kagustuhan ng kanyang asawa sa kadahilanang baka siya ay saktan, sinuyod niya ang madilim na daan patungo sa balon. Sa kanyang paglalakad naalala niya ang kwento ng mga ispirito at multong nanggugulo noon sa lugar ng balon kaya ng mapatapat siya sa Krus ng anubing siya ay umusal ng dalangin upang maprotektahan sa mga elementong nananakot. Sa hindi inaasahan, bigla na lamang bumukal ang tubig sa kaliwang dulo ng krus. Sa tuwing umuuwi ang lalaki na lasing sa kanilang bahay ganito parati ang ginagawang katuwaan ng lalaki sa kanyang asawa, ngunit ng huli ang lalaki ay nagtataka kung bakit ang mga sumunod na gabi na kanyang inuutusan ang kanyang asawa na umigib ng tubig sa bukal ito ay hindi mabanaagan ng takot at pangamba. Kaya minsang niyang sinundan ang babae at laking gulat niya ng makita na ang krus ng anubing na nagkaroon ng bukal ng tubig. Mabilis kumalat ang himalang nasaksihan ng lalaki sa bayan ng Alitagtag ganun din sa mga kalapit na bayan nito. Kaya ng mabalitaan ng mga taga Bauan ang mapaghimalang krus ng anubing, naglakbay patungong Alitagtag ang mga taga Bauan upang hilingin sa mga taga doon na madala ang krus sa kanilang bayan. Nang pahintulutan sila na kuhanin ang Krus, nabigo silang bunutin sa kinalalagyan nito. Kung makailang beses na tinangkang bunutin ang krus sa kinatatauan nito ay ganun din karaming beses nabigo ang mga taga Bauan na madala ito sa kanilang bayan. At kung papaano ang krus ay napagtagumapayan na buhatin ng mga taga Bauan, ayon sa kuwento, may nakasaksi na minsang isang gabi may lalaking napadaan sa lugar na kung saan nakatirik ang krus at doon ay nakita ng lalaking ito na may isang manika na sa harap ng krus na nagsasayaw. Pinagmasdang mabuti at tinandaan ng lalaki ang bawat kilos ng manikang sumasayaw at kinalaunan ito ay ibinalita ng lalaki sa mga taga nayon at nang ginaya ng mga taga Bauan ang kilos at galaw ng manika napagtagumpayan nilang mabuhat ang krus at madala sa kanilang bayan. Dahil sa pangyayaring iyon, pinaniniwalaan ng mga Batangueno na ang paggaya sa kilos at galaw ng manikang sumasayaw ay ang nagpapaligaya sa poon upang ito ay magpagkita ng kanyang kapangyarihan at magbigay ang biyaya at tumugon sa mga kahilingan ng tao na namamanata.

**Antropolohiya: Pagpapaliwanag sa mga Kuwentong Bayan**

Ang mga kwentong bayan na ito, na marahil para sa karamihan, ay isang kathang isip lamang ng mga taong bayan upang bigyan paliwanag ang isang pangyayari o bagay na mahirap ipaliwanag. Subalit kung pag-iisipang mabuti ang mga kwentong may kinalaman sa hiwaga ng mundo at buhay ay hindi maaaring isang likhang-isip lamang ng isipan, bagkus maaring ito ay hango sa tunay na karanasan, isang karanasan na hindi ordinaryo na kung mapapakinggan ng iba ay iisiping walang katotohanan (Mircea Eliade, 1963). Ang mga kwentong bayan o alamat na naririnig natin ay dapat tignan natin bilang karanasan ng mga katutubo sa mga ispirito, anito o sa mga diyos-diyosan na kanilang sinasamba. Sa ganitong paraan ng pagtingin sa alamat mauunawaan natin kung papaano nauunawaan ng mga katutubo ang kahulugan at hiwaga ng buhay at mundo.

Ayon kay Joseph Kitagawa (1985), sa pamamagitan ng paggamit ng linguahe o mga salita, maisasalarawan natin ang isang reyalidad at kung saan at papaano ito nagsimula. Subalit sa paglalarawan ng reyalidad na ito, ang tao ay gumagamit ng mga kwento na nagpapakita ng isang karanasang hindi kakayaning ipaliwanag ng simpleng salita bagkus ang mga iba't ibang simbolismo ang maglalahad ng nais ipahiwatig sa mga taga pakinig. Sa likod ng bawat pangunahing tauhan sa kuwento at pangyayari, dito unti-unting nililinang ng nagsasalaysay sa mga nakikinig ang kakaibang karanasang ibig tukuyun upang ipaliwang sa ganung paraan ang paniniwalang nabuo sa isipan. Sa puntong ito, ipinaliliwanag lamang na ang mga katutubo ay may kakayahan at malalim na kamalayan sa pagdama ng mga mabathahalng pwersa na bumabalot sa kanyang buhay tungkol sa karanasang ispirituwal o sakrado. Kaya mula sa kuwento o alamat, ang karanasan sa diyos ng mga katutubo ay nakapaloob, kaya nararapat lamang na bigyan importansya ang mga kwento na bahagi ng kultura na kung saan iniukit ng mga katutubo ang kanilang relihiyong paniniwala.

Maari nating ituring ang bawat kwentong bayan o alamat na may kaugnayan sa relihiyon o paniniwala bilang isang penomenolohiya, sapagakt ang mga ito ay tumutukoy sa pinagmulan ng mga katutubong paniniwala sa relihiyon, na ayon na rin sa pagsasaliksik ng antropolohiya ng relihiyon, ito ay nakaugat sa karanasan ng mga katutubo at inukit sa habi ng mga salitang naging simbolismo ng isang reyalidad o


P-ISSN 2362 – 8022 | E-ISSN 2362 – 8030 | www.apjeas.apjmr.com

karanasan. Ang penomenolohiya ay isang pananaliksik o pag-aaral sa karanasan sa buhay na nakatuon sa karanasan ng tao sa daigdig. Ang ganitong uri ng pag-aaral ay tumutukoy sa mundo at tao bilang isang karanasan at hindi ang mundo at reyalidad na hiwalay sa tao. Ang reyalidad ng mundo ay mauunawaan lamang sa kung ano ang naranasan na hindi na kinakailangan ng kategorismo at konseptwalisasyon na magpapaunawa sa tao sa kanyang nararanasan, bagkus ang pag-unawa sa reyalidad na tinitignan ay hango mismo kung paaano ito naunawaan pagkatapos ng karanasan.

**Ang Teorya Sa Subli Bilang Laro at Panata**

Sa mga nakalap na literatura tungkol sa subli, mararahil magiging sapat na ito upang makahabi tayo ng ilang teorya na makakatulong sa pagunawa natin kung bakit ang subli ay nagkaroon ng dalawang anyo: Una, ang subli ay matatawag nating matandang tradisyon ng mga katutubong Batangueno na umiiral bago pa dumating ang mga kastila: Pangalawa, ito ay isang ritwal na ginagawa ng mga katutubo bilang pag-aalay sa mga ispirituwal na nilalang para sa kaniling mga kahilingan: Pangatlo, ang anubing ay pinaniniwalaa ng mga katutubo na kinalulugdang alay ng mga ispirituwal na nilalang: Pang-apat, ang paggamit ng anubing bilang matiryales sa paglikha ng krus dahil sa katutubong paniniwala sa anubing: Panglima, ang katutubong paniniwala sa mga ispirituwal na nilalang at ang anyo ng pagsamba sa mga ito ay napalitan ng kristianismong istraktura at pananaw, ngunit ang mga kinagisnang pananaw ay hindi naglaho nang lubos bagkus ito ay nagkaroon lamang ng bagong kaanyuan at napanatiling umiiral pa rin ang katutubong pananaw: Pang-anim, ang mga kuwentong bayan nagsasalarawan ng isang karanasang hindi kakayaning ipaliwanag ng simpleng pagpapaliwanag bagkus ang mga iba't ibang simbolismo ang maglalahad sa mga nakikinig ng kakaibang karanasang ibig tukuyun upang ipaliwang sa ganung paraan ang paniniwalang nabuo sa isipan: Pangpito, ang subli sa anyo nitong laro ang siyang alay na ikinalulugdan ng Poon: At ang pangwalo, ang konsepto ng pasasayaw bilang laro sa harap ng Poon ay mahahalintulad sa katutubong pananaw ng panata kung paano nila amuin ang mga ispirituwal na nilang upang ang kanilang kahilingan ay bigyan katugunan.

**Paglalahat**

Sa puntong ito habang ang mga manunubli ay nagsasayaw sila ay umaawit ng dasal sa Mahal na Poong Santa krus, at sa kanilang awit-dasal dinadalangin nila sa Poon na ang tanging handog na maiaalay sa kanya ay ang tuwa at ligaya, na ayon kay Mirano ito ang tradisyonal na laro na ginaganap para sa Poon. Ang tradisyonal na laro na ito na handog sa Poon ay nasa anyo ng tula na naghahatid ng tuwa at ligaya sa Poon. Sa paglalarawang ito ng laro para sa Poon, ito ay matatawag ding panliligaw sa Poon na katulad ng binata upang mapaibig ang dalaga ay kinakailangan nitong maghatid ng tuwa at ligaya sa puso upang mapasakanya ay puso ng iniirog. Kaya nga ang subli ay tinawag ding bilang isang "courtship dance" dahil ang mga deboto sa pamamagitan ng sayaw ng subli ay naghahandog ng tuwa at ligaya upang maging maganda ang kalooban ng Poon sa kanila.

Samakatuwid, masasabi natin na ang subli sa anyo ng laro at panata ay hindi magkahiwalay na elemento sa gamit nito para sa mga katutubo. Ngunit kung bakit nagkaraoon ng dalawang anyo ang subli ay marahil sa takbo na din ng modernong panahaon kung saan ang lipunan ay nagkakaron ng pagbabago sa sitwasyon, at dahil sa pagbabago ng sitwasyon nagbabago din ang pangangailangan at kaisipan ng tao.

**REFERENCES**


Berger, P. (1966). The Social Construction of Reality. New York, NY : Open Road Integrated Media

De Mesa, J. (2000). Primal Religions and Popular Religiosity. East Asian Pastoral Review,37 (1)

De Mesa, J. (1987). In Solidarity with the Culture: Studies in theological re-rooting. Maryhill Press, Manila.

Eliade, M. (1963). *Myth and Reality*. Trans. Willard R. Trask. New York: Harper & Row

Elesterio, Fernando G. (1989). Pre-Magellanic Religious Elements in Contemporary Filipino Culture.De La Salle University Press. Manila, Philippines.

Husserl, E. (1970). trans D Carr Logical investigations New York, Humanities Press, 1970

Jones, L. (2005). Encyclopedia of Religion: Second Edition Vol. 4. Detroit, MI : Macmillan Reference USA

Kitagawa, Joseph M. (1985). *The History of Religions*: Restrospect and Prospect, A Collection of original essays by Mircea Eliade, Paul Ricoeur, Michel Meslin, Ugo Bianchi, Ninian Smart, Charles H. Long, Kurt Rudolph, and Joseph M. Kitagawa. Macmillan Publishing Company, N.Y.

Mercado, L. (1994). Working With the Indigenous Peoples: Asia Pacific Messiological Series, No. 4 Divine Word Publication Manila.

Mirano, E. R. (2002). Batangas, Forge in Fire.

Mirano, E. (1989). Subli: One Dance in Four Voices. Excel Printing Services Manila, Philippines,




P-ISSN 2362 – 8022 | E-ISSN 2362 – 8030 | www.apjeas.apjmr.com

Mirano, E.R. (1997). *Ang mga Tradisyonal na Musikang Pantinig sa Lumang Bauan, Batangas.* National Commission on Culture ant the Arts. Manila.

Schutz, A.(1970). ed H R Wagner On phenomenology and social relations Chicago, Chicago University Press

Segal, Robert A. (2004). *Myth: A Very Short Introduction.* Oxford: Oxford UP.

Wach, J. (1944). *Sociology of Religion.* Chicago: University of Chicago Press.



P-ISSN 2362 – 8022 | E-ISSN 2362 – 8030 | www.apjeas.apjmr.com